

TRANSCRIPT NG WEBINAR NG DAHLIA TRAINING PARA SA MGA TAGAPAGKALOOB NG SERBISYO

Marso 15, 2017

Mga presenter:

Marie Kegel, Program Director, Homeownership SF

Barry Roeder, Strategic Projects, Mayor's Office of Housing and Community Development

Maria Benjamin, Director of Homeownership and Below Market Rate Programs, Mayor's Office of Housing and Community Development

Slide 1

Marie, HSF:

Ako si Marie, Program Director ng Homeownership SF. Kami ay isang nonprofit na samahan sa buong lungsod ng mga ahensiya ng tagapayo sa pabahay. Nagkakaloob kami ng mga serbisyo sa mga residente dito kaugnay ng edukasyon sa pagrerenta, o proseso ng pagbili ng bahay. Nagkakaloob kami ng mga hinihiling na mga bahaging pang-edukasyon para sa mga taong sumusubok na ma-access ang mga BMR ownership property at mga programang city down payment assistant. May mga serbisyo rin kaming nakatuon sa mga kasalukuyang homeowner para tulungan silang maging matagumpay sa pagmamay-ari ng mga bahay. Kapag nagkakaproblema sila, tinitiyak naming malalaman nila ang mapagpipilian nila at maiugnay sila sa mga rekursong kaugnay ng mga ito.

Sa DAHLIA, nakikipagtulungan kami sa Office of Housing and Community Development ng Mayor para magkaloob ng mga tulong teknikal para sa kanila. Kasama naming gumagawa ang mga tagapagkaloob ng serbisyo, kayong lahat, na gumagawa kasama ng mga taong gustong magkaroon ng pagkakataong makabili ng mga murang pabahay. Nangunguna kami sa pagsasagawa ng pagsasanay para sa mga pagkakataong ito na ginawa para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo. Ito ang isa sa apat na pangungunahan namin. Nagsagawa kami ng isa noong Enero. Magkakaroon pa kami ng dalawa anumang araw ngayong summer. Kailangan pang tukuyin ang mga petsa ngunit nais naming tiyakin na kasabay nitong mga pagsasanay ang mga bagong labas at paglulunsad at karagdagang katangiang patuloy na idinaragdag sa portal ng DAHLIA. Kaya abangan ang impormasyon at ang mga petsang iyan. Titiyakin naming maraming anunsiyong mailalabas tungkol sa mga iyan. Kung may mangailangan ng tulong bago ang mga petsang iyan, inirerekord ko itong webinar na ito para makuha ng mga kasamahan namin o iba pang tao mula sa ibang tagapagkaloob ng serbisyo.

Dito sa Homeownership SF, hindi lamang kami nagbibigay ng mga pagsasanay na ito. Narito kami para sa patuloy na tulong at suportang teknikal. Kaya kung mayroong kayong katanungan, mga alalahanin, problemang kinakaharap kasama ng DAHLIA, mangyaring makipag-ugnayan sa amin. Nais naming gabayan ka sa pagsubok sa prosesong iyon at nais naming makatiyak na naipapaalam namin itong impormasyon at ang iyong reaksiyon sa Tanggapan sa Pabahay ng Mayor upang magamit nila iyon habang patuloy sila sa paggawa ng mga pagbabago at habang patuloy sa pagbabago ang DAHLIA.

Iyan ang Homeownership SF. At muli, nais naming malaman ang palagay ninyo. Nais naming malaman ang takbo nitong site kaya kung maaari po ay laging makipag-ugnayan sa amin. Nais ko nga pong ipakilala sa inyo nang mabilisan ang ilan sa aming partner dito mula

sa Tanggapan ng Pabahay ng Mayor. Maria, maaari ka bang magsalita? Maaari kayang maipakilala mo ang sarili mo at sabihin sa lahat ang tungkol sa tungkulin mo dito?

Maria, MOHCD: Masayang-masaya ako na maraming tao ang nakikinig. Talagang natutuwa kami sa DAHLIA, sa paglulunsad, at lahat ng pagsisikap na ginawa para matiyak na magkaroon tayo ng sistema na madali sa tagagamit. Kaya talagang nasisiyahan ako sa layo ng narating natin. At marami tayong magagawa. Maraming ibabahagi sa inyo sina Barrie at Marie tungkol sa lahat ng ito. Nais kong samantalain ang pagkakataong ito na pasalamatang ang lahat ng nag-ambag sa sistema, ito man ay kaugnay ng pagsubok ng mga gumagamit o paghanap ng mga taong sasali sa ating pagsubok. Napakahalaga nito at hindi namin magagawang makabuo ng gayong intuitive na sistema nang walang ambag ng mga taong gagamit nito mismo. Kaya hindi ko kailangang magsabi ng iba pa. Ilalagay ko na sa mute ang phone ko at hayaang sina Marie at Barry na ang magsalita.

Marie, HSF: Salamat Maria. At Barry, maaari bang ipakilala mo ang sarili mo?

Barry, MOHCD: Oo naman. Ako si Barry Roeder at kasama ko dito sa trabaho si Maria sa Office of Housing and Community Development ng Mayor. Ako ang sumusubaybay sa mga estratehikong gawain para sa departamento at kasama diyan ang DAHLIA. Nais kong idagdag nang mabilis lamang, tulad ng nasabi na ni Maria, na napakahalaga ng mga masasabi ninyo at paglahok sa tagumpay ng proyektong ito. Medyo di-karaniwan ang naging pamamaraan namin para sa software ng gobyerno, kung sasabihin namin. At ito iyong nagpupulong kami nang regular kasama ng mga totoong tagagamit nito; kapwa ang mga tagapayo sa pabahay at mga developer gayundin ang mga taong totoong mag-aaplay. Anumang tagumpay namin ngayon ay bunga ng mga iyon. Pinupulong ko din nang buwanan, o kung minsan kada ikalawang buwan, ang isang Task Force kung saan kinakausap namin ang komunidad at lalo na ang mga tagapagkaloob ng serbisyo kaugnay ng DAHLIA. Kung isang bagay na interes mo iyan, mangyari pong ipagbigay-alam kay Marie o sa akin at matutuwa kaming makasalamuha kayo doon.

Marie, HSF: Maganda iyan! Salamat, Barry. Okay, papasok talaga tayo diyan.

Slide 2

Marie, HSF: Nais lamang naming magbigay ng kaunting konteksto sa kung ano ang naging itsura ng sitwasyong kinalahukan ng DAHLIA at ano ang ilan sa mga problemang nais tugunan ng DAHLIA.

Mapalad talaga tayo na manirahan sa siyudad na talagang kalahok sa pagsubok na matiyak na may pagkakataon sa murang pabahay para sa lahat sa siyudad anuman ang antas ng kinikita at kung ano ang dinadanas ninyo at napakaraming paraan at programa na naririyang ngunit nakalikha din ito ng kaunting problema dahil medyo nahiwala-hiwalay nito ang mga rekurso sa pabahay na makukuha. Magkakaiba ang mga stakeholder ng iba't bang programa. May iba't ibang mga proseso at aplikasyon ang mga ito. At ginagawa ang mga ito sa magkakaibang lugar at nilalahukan ng iba't ibang mga tao. Ang mga taong sinusubok na ma-access itong mga pagkakataon sa murang pabahay ay halos kailangang maging mga propesyonal na tagahanap ng bahay. Kailangan nilang tingnan ang mga pangkat ng magkakaibang lugar at ma-access ang magkakaibang rekurso at punuan ang magkakaibang uri ng mga aplikasyon at gawin ang prosesong ito nang paulit-ulit sa pag-asang makakuha ng pagkakataong mapupunta sa kanila.

Sinusubok talaga ng DAHLIA na matugunan ang parehong problema na dinanas natin. At sinusubok nitong gawin ito sa paraang ang lahat ng stakeholder na kalahok ay nakakakuha ng mga positibong bagay mula dito. Higit na madali sa ating mga kliyente at naghahanap ng bahay na mag-aplay at lumagda o lumahok sa mga pagkakataong ito. Higit itong pinasimpleng proseso para pangasiwaan ng Siyudad. May mga katangiang isinama para matulungan ang mga ahente sa pagrerenta at pati ang mga developer. At kasama tayo dito pati mga nonprofit na tagapagkaloob ng serbisyo.

Isa pang usapin ang pagkakaroon ng mga taong pumupuno ng mga talagang mahahabang aplikasyon, 15-20 pahina, at ginagawa nila ito nang paulit-ulit nang may mga napakababang tsansang aktuwal na mapili at maaprubahan at makakuha ng isang murang yunit ng pabahay. Sinusubok ding tugunan ng DAHLIA ang usaping iyan.

Hanggang sa puntong ito ay walang masyadong kalinawang kaugnay ng prosesong ito. Nagkaroon ng mga usapin at pagkaputol ng komunikasyon tungkol sa pagtiyak na ang kliyente ay nananatiling nabibigyan ng impormasyon tungkol sa puwesto nila sa proseso, ano ang susunod na hakbang, binibigyan sila ng impormasyon tungkol sa susunod na mangyayari. Halimbawa, magsusumite ako ng aplikasyon, pagkatapos wala na silang malalaman. Hintay at tingin, hintay at makikinig at siguro wala nang balita pagkatapos. At muli, sinusubukang tugunan ng DAHLIA ang problemang ito.

Muli, tinitingnan natin ang mga ahente sa pagrerenta at ang mga developer, at kung ano ang mga pangangailangan nila at sinusubok na gawin itong mas simple para kanilang marepaso ang mga aplikasyon at gawin ang mga pasya tungkol sa mga aplikasyon para sa murang yunit ng pabahay.

Dahil nakaimbak sa iba't ibang lugar ang lahat ng mga impormasyong ito, hindi kami nagkaroon ng pagkakataong tipunin itong mga data at talagang makabuo ng detalyadong larawan tungkol sa nangyayari at ang pangangailangan ng ating komunidad sa San Francisco at ano ang magagawa natin upang mapaglingkuran nang mas maayos ang ating mga mamamayan at tiyaking natutugunan natin ang ating mga komunidad. Bahagi ang DAHLIA ng kalutasan sa mga problemang ito.

Slide 3

Marie, HSF:

Pangunahing layunin ng DAHLIA na maglingkod bilang isahan at lahatang rekurso. Sinusubok naming maging madali para sa mga tao na makahanap at makapag-aplay sa mga pagkakataon para sa pabahay na lumilitaw. Kaya ito ang magiging isang lugar na kailangang puntahan nila. Ngunit hindi pa nito taglay ang lahat, ngunit darating ang panahong magkakaroon ito ng lahat ng lista at rekurso at ang murang pagkakataon sa pabahay na matatamo sa siyudad.

Nagsisimula kami sa bahagi ng pagrerenta kaugnay ng paksa. Nakatuon ang mga unang yugto sa rental program ng BMR. Nagsisimula kami sa 100% mura at maramihang pamilya na development na itinataguyod ng mga nonprofit na tagapagkaloob ng pabahay. Darating din ang oras na titingnan namin pati ang bahagi ng homeownership, ang mga pagkakataon ng below market ownership. Maglalaman ito ng lahat ng impormasyong iyan, na talaga namang kahanga-hanga!

Darating ang oras, tinitingnan ng Office of Housing and Community Development ng Mayor ang iba pang programa ng murang pabahay, at mga programa sa voucher at mga katulad na bagay. Mayroon bang paraan para maisama ang mga ito sa DAHLIA? Hindi siguro magkakaroon ng mga application sa mga ito ngunit magbibigay ng impormasyon, mga link sa mga rekursong iyon. Magkakaroon ng impormasyon tungkol sa wait list. Mga ganoong bagay. Kaya nasa pakikipag-ugnayan sila sa HUD at iba pang katulad na grupo. Kaya mas may mararating sila sa ganitong kaayusan.

Ginagawang mas madali ng DAHLIA ang proseso ng aplikasyon para sa ating mga kliyente. Magiging mabilis, madali, at maikling form para sa aplikasyon iyon, na talagang isa sa pinakarebolisyonaryong bahagi nitong bagong portal para sa pabahay. Darating ang oras na magiging isa itong aplikasyon na pupunuan nang minsanan ng mga tao at maisusunod sa panahon kapag kailangan para sa mga darating pang aplikasyon.

Ang aplikasyon ay ilalagay sa isang lottery system. At kapag napili sila sa lottery na iyon, kung maging isa sila sa ilang mapapalad, doon hihingi pa tayo ng karagdagang impormasyon at iyon ang panahon na magpupuno sila ng mas mahabang aplikasyon. Ngunit sa puntong iyon, mas mataas ang pagkakataong kayo ay aktuwal na mailalagay sa isang murang yunit. Gagawin nila ang pagsisikap na iyon kapag mas mataas na makakuha ng gantimpala.

Sa DAHLIA, sinusubok naming gawing higit na standardized ang proseso at gawing mas litaw ang proseso kaugnay ng pag-aaplay para sa mga programang ito ng murang pabahay. Darating ang oras na maisasama sa DAHLIA ang lahat ng paglilista. Gagamitin ng lahat ng developer at mga ahente sa pagrenta ang parehong mga proseso. Hindi ito “May sariling aplikasyon at sariling proseso ang Developer A kaugnay ng pagsusumite ng aplikasyon at katulad at iba ang ginagawa ng Developer B at medyo iba rin ang anyo ng aplikasyon.” Magiging standardized ito, na maganda at magiging mas madali ito para sa ating mga kliyente.

At maganda talaga ang ginagawa ng DAHLIA na tinitiyak na palagiang nasasabihan ang mga kliyente kung nasaan na sila sa proseso, ano ang mga susunod na hakbang, ano ang maaasahan nila sa proseso, ano ang nangyari sa mga aplikasyon nila. Kaya mas maraming komunikasyon at pagiging litaw kaugnay ng lahat ng iyan.

Bukod sa lahat ng mga paglilista na mailalagay sa DAHLIA, ikinakawing din ng DAHLIA ang mga tao at ginagawang madali para sa kanila na ma-access ang mga kaugnay na rekurso na makakatulong sa kanilang layunin sa pabahay—paglilingkod sa wika, mga ahensiya ng pagpapayo sa pabahay, karagdagang edukasyon at impormasyon—lahat ng iyan. Lalamanin itong lahat sa DAHLIA at magiging isang lugar ito na maituturo namin sa aming mga kliyente, na nakakatuwa talaga.

Slide 4

Marie, HSF:

Pag-usapan natin nang kaunti ang tungkol sa aplikasyong may maikling form. Mas masinsinan nating pag-usapan ito mamaya sa presentasyon. At sa totoo ay gagabayan tayo ni Barry sa isang aplikasyon na nasa sinusubok na site para sa DAHLIA, kaya aabangan natin iyan.

Ngunit ang aplikasyong may maikling form ang talagang lihim na lakas ng DAHLIA. Magaling talaga ito dahil bago kami nakarating sa puntong maaari na ang aplikasyong may maikling

form, kailangang pagsamahin ng Tanggapan sa Pabahay ng Mayor ang lahat ng mga stakeholder—ang komunidad at ang mga tagagamit, mga tagapagkaloob ng serbisyo, mga developer at mga ahente sa pagrerenta—at makipagtulungan sa iba't ibang grupong ito para matiyak na magkaroon kami ng aplikasyon na angkop para sa lahat, at bukod pa madali at simple itong masusulatan ng mga tagagamit.

Kaya't ito ay naging maiksling aplikasyon na lang. Apat na pahina ito kapag nailimbag at ang kalahating pahina ay para sa opsyonal na impormasyong demograpiko at kalahating pahina para sa mga lagda kaya 3 pahina lamang ito ng impormasyon, na talagang maganda. Muli, sa nakaraan, umaabot sa 15, 20 pahina ang mga aplikasyon, kaya talagang mainam ito. Gugugol lamang ang mga tao ng mas maikling panahon para makapag-aplay sa mga pagkakataong ito, kung saan inaasahan naming nasa 20 minuto o mas maikli pa upang makompleto ang isang aplikasyon.

May lugar ang DAHLIA kung saan kayo ay tuwirang makapag-aplay gamit ang paglilista para sa pagkakataong iyon. Ngunit nais ko lamang ipaalam sa inyo mga kasama na hindi mawawala ang aplikasyong de-papel. Palagian itong nariyan kaya kapag may taong hindi komportable sa pagpuno online, hayan at naroon lamang ito. Ngunit maraming benepisyo ang paggamit sa website at pagpuno ng aplikasyong online. Muli, gagamitin itong aplikasyon para sa lahat ng paglilista kaya hindi kayo magpupuno ng iba't ibang impormasyon para sa iba't ibang mga pagkakataon na inaaplayan ninyo. At sa kadulhan, mailalagay na namin sa DAHLIA ang kaparaanang kumuha ng impormasyon mula sa mga nakaraang aplikasyon at awtomatikong mailagay ito sa mga bagong aplikasyon. Kapag may gumawa ng account gamit ang DAHLIA, maiimbak ang dati nilang mga aplikasyon at sa darating na panahon kapag nais mag-aplay ng taong iyon sa isang bago, murang pagkakataon sa pabahay, ilalagay lamang nito ang impormasyong iyon, hihilingin na beripikahin ang ilan sa mga ito, siguro ay isunod sa panahon ang ilan. Ngunit mas padadaliin nito ang pagsulong ng proseso. Sa hinaharap, sana ito ay magiging isang aplikasyon, at isang beses lamang.

Sinusubukan lamang naming gawin itong talagang madali para sa tagagamit at matiyak na ang pagsisikap nilang ibinubuhos sa pagpuno sa mga aplikasyong iyon ay mas umangkop sa kanilang mas malamang na kahantungan. Kung kaya kapag mababa ang pagkakataong makakuha ng murang yunit sa pabahay, dahil alam natin ang tungkol sa sistemang lottery at maraming tao ang humahantong na mag-aplay dito, nais pa rin nating gawin ang aplikasyon na mabilis at hindi mahirap hanggang maaari para sa mga taong ito.

Slide 5

Marie, HSF:

Kaya sa pag-uusap nang kaunti tungkol sa elektronikong lottery, ang umiikot na tambiyolo—mawawala na iyan. Ibibigay agad ang mga numero ng lottery matapos na magsumite ng aplikasyon online ang isang tao. Kung pinupunuan ng mga tao ang mga aplikasyong de-papel, kailangan nilang maisama ang isang may sariling address na sobrang may selyo para makuha nila ang kanilang numero sa lottery. Sa ganoong paraan nila matatanggap ang kanilang numero sa lottery. Kapag nag-aplay kayo online gamit ang DAHLIA, at kapag naisumite na ninyo ang aplikasyong iyon, agad na magbibigay ito ng numero sa lottery. Ipapadala din nito sa inyo sa pamamagitan ng email ang numero sa lottery na iyon. Muli, malaking benepisyo ng pagsusumite ng aplikasyong online.

Magsasagawa pa rin ng mga pampublikong lottery ang Tanggapan ng Pabahay at Kaunlarang Pangkomunidad, ngunit kapag nag-aplay kayo, hindi na ninyo kailangang dumalo sa mga lottery na iyon. Isang bagay na talagang maganda ay may teknolohiya ang DAHLIA kung saan nito isinasagawa nang elektroniko ang mga lottery na iyon. Nakakabit ang logic sa system kung saan nito isinasama ang lahat ng iba't ibang mga gusto sa lottery na magagamit sa nasabing partikular na listahan. Talagang karaniwan ang mga inilista namin dito— Certificate of Preference, Displaced Tenants, Neighborhood Residents, Live/Work in San Francisco. Kung isa itong proyektong OCII, baka mayroon itong Rent Burdened o Assisted Living Preference. Isinasama ang mga gustong iyon sa electronic lottery, at kapag naisagawa ang lottery, makakapagbigay ito sa lahat ng detalyadong impormasyon tungkol sa resulta ng lottery na iyon. Kaya hindi lamang ito “Nairanggo akong pang-750 sa 1100,” ngunit nasa loob ng ibang mga grupo ng gusto na angkop sa akin, kung ano ang ranggo ko. At ang magaling na bahagi ay kapag online sa website, maita-tye ninyo ang inyong numero sa lottery upang makuha ang impormasyon nang agad-agad pagkatapos na maisagawa ang lottery.

Muli, hindi kailangang pumunta ang mga tao sa pampublikong lottery. Isang bagay ito na magagawa online at makukuha pa rin nila ang impormasyong iyon tungkol sa kanilang mga resulta, naisapersonal para sa kanila sa lottery na ito sa pamamagitan ng DAHLIA. Isang bagay kaugnay ng mga gusto, malamang na pag-uusapan natin ito sa kabuuan ng presentasyon, nais namin at gugustuhin namin ang inyong masasabi tungkol sa paano pinakamabuting ipaliwanag o anong wika ang pinakamabuting makakapagpaliwanag sa mga preference na ito sa ating mga kliyente at mga taong inaaplayan itong mga yunit. Nais naming makatiyal na tama ang ginagawa namin upang mantindihan ng mga tao kung ano ang mga gusto at alin ang makabuluhan sa kanila upang magkakumpiyansa kaming kinukuha ng mga tao ang preperensyang makabulhan sa kanila. Kapag may mga preference na makabuluhan na malaki ang magagawa para matulungan ang mga tao na ma-access ang mga murang pagkakataon sa pabahay. Habang tinitingnan ninyo itong mga gusto kasama ng inyong mga kliyente, kapag may masasabi kayo kaugnay nito, mangyaring ipaalam ito sa amin sa Homeownership SF upang maipaabot namin itong impormasyon sa Tanggapan sa Pabahay ng Mayor at maipagpatuloy na mapabuti ang gawain ng pagtiyak na talagang malinaw itong impormasyon at madaling maintindihan ng mga taong sumusubok makapagmay-ari ng murang pabahay.

Slide 6

Marie, HSF:

Nagmula talaga sa isang lugar ang DAHLIA kung saan nakatuon ang disenyo sa tagagamit. Mula nang malikha ito, palagiang may regular na pulong—at nabanggit na ito ni Barry—kasama ang mga taong aktuwal na gagamit ng site na ito—ang ating mga pinagtutuunang kliyente.

Ang Tanggapan sa Pabahay ng Mayor at ang pangkat ni Barry ay tuloy-tuloy lamang na nakikipag-usap sa mga tao at tinatanong sila, “Ano ang mga problemang dinanas ninyo sa pagkuha ng murang pabahay? At ano sa palagay ninyo kung subukan nating gawin ito sa ganito o ganoong paraan? Naiintindihan ba ninyo ang sinasabi namin? Ano ang masasabi ninyo dito?” Ang pagtiyak na nakukuha namin ang mga pananaw mula sa mga komunidad na gumagamit ng DAHLIA sa kanilang paghahanap ng pabahay at idinisenyo namin ito para sa kanila. Ang talagang layunin dito ay baguhin ito at gawing simple at batayan at maaabot itong komplikadong proseso hanggang kaya. Sa loob nitong nakahilig-sa-tagagamit na disenyo, nakatuon sa mga taong talagang gumagamit nito, mga taong aktuwal na nag-

aaplay sa pagrentang BMR, mga taong may mga ibang pangangailangan. Kaya ang pakikipagpulong sa iba'tibang mga pangkat ng tao at pagtiyak na nakakaugnay kami sa mga nakatatanda at mga taong may katutubong wikang hindi Ingles. Ang pakikipag-usap sa mga iba'tibang grupong ito at magamit ang kanilang ambag upang magawa itong pinakamabuti at patuloy na makagawa ng pagbabago at maiangat ang disenyo ng DAHLIA upang patuloy na mapabuti ito. Tulad ng sinabi ni Maria, talagang nasisiyahan kami sa narating na ng DAHLIA, kahit ngayon, at gamit ang disenyong nakatuon-sa-tagagamit, gumagawa ang Tanggapan sa Pabahay ng Mayor ng produktong kapaki-pakinabang. At nakita na namin ang patunay nito dahil sa yugto ng pagsubok, umaabot sa sampu-sampung libo ang pagbisita sa website at mga taong nag-aaplay gamit ang site. Magagandang palatandaan ito na nasa tamang direksiyon ang site, at ginagawa namin itong madali para sa tagagamit. Muli, isang tawag lang, kung may masasabi, komento at mungkahi kayo mga kaibigan, gusto naming marinig iyan. Kayo mga kaibigan ang aming mga tulay sa ating mga naninirahan at kliyente nitong mga programa sa murang pabahay, kaya sabihin ninyo sa amin ang nakikita at naririnig ninyo, at kung paano pa patuloy na mapapabuti itong site.

Slide 10

Marie, HSF:

Bilang pabuod na pananaw sa kung ano na ang nagawa ng DAHLIA, ang lahat ng pagsulong na nangyari, at buod ng mga darating pa.

Pinauunlad ang DAHLIA sa pamamagitan ng modelo ng maliksing pag-unlad. Ibig sabihin nito ay ang unti-unting paglalabas ng mga bagong kaparaanan. Isang dahilan kung bakit ginagawa namin iyan ang pagiging malaking proyekto nito bukod pa sa pagiging nakatuon ng Tanggapan ng Pabahay ng Mayor sa pagtiyak na kinakausap talaga namin ang mga aktuwal na tagagamit at kinukuha ang kanilang pananaw at nagagawa namin ang mga pagbabago. At kailangan dito ang mahabang panahon. At sinusubukan naming tama ang ginagawa namin sa una pa lang.

Ang nagawa na namin ngayon. Mayroon kaming pangkalahatang silbi o katangian at rekurso tungkol sa iba'tibang programa ng murang pabahay na makuluha ng mga tao dito. May mga tuos na kaugnay ng kita at pagiging karapat-dapat. Ang Below Market Rate Rental Program, nasa DAHLIA na ang lahat ng kanilang paglilista. Sa pag-uusap namin, ginagawa ang electronic lottery sa pamamagitan ng DAHLIA. Buhay ang aplikasyong may maikling form, at ginagamit namin ito para sa mga pagkakataon sa pagrerenta ng Below Market Rate. Nito lamang, ang paglilista sa maramihang pamilya, ang mga ito ay magsisimula na ring lumitaw sa DAHLIA. Wala pa namang lumilitaw na natanggap namin sa kasalukuyan, ngunit Barry, sabihin mo kung mali ako ngunit sa bandang katapusan ng buwang ito dapat na mayroon na tayo ng unang paglilista sa maramihang pamilya?

Barry, MOHCD:

Mangyayari ito sa dakong huli ng buwang ito o dakong una ng susunod na taon. Inihahanda pa namin ang mga detalye para diyan ngunit darating na iyan sa lalong madaling panahon.

Marie, HSF:

May susunod pa, may nagawa na tungkol sa maramihang pamilya na aplikasyong online at darating ang panahon na gusto naming matiyak na magkaroon ng aplikasyong may maikling form sa lahat ng apat na mga opisyal na wika ng San Francisco. Bukod sa Ingles, magkakaroon ito handang makuhang aplikasyon sa Tagalog o Filipino, Chinese, at Espanyol. Para ito sa pagrerentang BMR at maramihang pamilya.

Mahirap talagang magbigay ng tiyak na petsa sa ating kalendaryo kung kailan ito mangyayari, dahil sa lahat ng salik na isinasalang-alang at pagtitiyak na magkaroon ng maraming pagsubok at pakikipagpulong sa mga tagagamit ang mangyari bago buksan ang anuman sa totoong buhay, ngunit umaasa kami, at iwasto mo ako ulit Barry kung mali ako, na sa loob ng susunod na apat o anim na buwan dapat na magkaroon ng mas marami pa nitong kaparaanan sa DAHLIA.

Barry, MOHCD: Siyang tunay. Tama. Ang unang yugto ng development ay binubuo ng paggawa ng aplikasyong online para sa maramihang pamilya. Natutuwa talaga kami dito at inaasahan naming matapos na namin ang bahaging iyan at malamang na anumang oras ito ngayong summer, at pagkatapos ay gagawa naman kami ng iba pang bagay. Pagkatapos ng mga pinagkaabalahan sa loob ng DAHLIA, magdaragdag pa kami ng ibang katangian, ngunit matatapos ang pinakamalalaking bahagi ngayong summer.

Marie, HSF: Titiyakin na magkakaroon kami ng karagdagang pagsasanay na makakasabay ng mga paglulunsad ng mga karagdagang katangian kaya mapag-uusapan na natin ang mga ito at magiging komportable na ang mga tao na ipagamit ito sa kanilang mga kliyente

Slide 11

Marie, HSF: Kaya magpapatuloy na tayo nang may mabilisang pansin sa metrics at pagsusuri. Isa sa mga talagang kahanga-hangang bagay sa DAHLIA ay nakapagbibigay ito sa atin ng maraming impormasyon. Nasa likod ng website na pag-uusapan natin ay isang Salesform na platform na iniimbak ang mga data na pinapayagan tayong tumingin sa mga indibidwal na tagagamit at kung saan sila nag-click at saan sila pumupunta. Hindi tayo naghahanap ng mga espesipikong impormasyon tulad ng mga pangalan o mga bagay kundi demograpikong impormasyon. Nagbibigay ito sa Office of Housing and Community Development ng Mayor ng malalakas na mga data na masusuri at magagamit. Ginagamit ang mga ito at mapapaunlad nito ang DAHLIA at mapapabuti ito at magagawang kapaki-pakinabang bukod pa sa makakatulong sa pagbuo ng mga patakaran kaugnay ng kung ano ang mga pangangailangan sa pabahay at paano higit na mapaglilingkuran ang mga taong kailangang makakuhat ng murang pabahay.

Slide 12

Marie, HSF: Buweno, makakapagpatuloy na tayo at makakatingin sa aktuwal na site. Sana ay nakita na ninyong lahat ito. Kung hindi pa, hinihikayat ko kayo na tingnan ninyo.

Ganito ang itsura ng home screen. Makikita ninyo dito sa taas ang logo. Palagi itong lilitaw sa itaas. Kung i-click ninyon iyan, palagi kayong makakabalik sa homepage. Nasa beta version ang site. Isa itong napakabagong site at ginagawa pang proyekto. Gayon muna ito sa matagal na panahon. Isang bagay itong magpapatuloy sa pagbabago sa ikabubuti at ikauunlad nito. May paraan upang makapagpaabot ng reaksiyon. Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa Homeownership SF tungkol rin dito.

Tatalakayin natin ang iba't ibang katangiang ito. Narito sa itaas ang mga mapagpipiliang wika. Heto ang banner na may mapagpipilian na mag-browse ng mga ari-arian. Halos pareho lamang nito ang pagklik sa buton na "See Listings".

Nasa "My Favorites" ang mapupuntahan ninyo para makita ang mga paglilista na naging paborito ninyo sa pagklik sa heart icon.

Ikokonekta ng “Getting Assistance” ang mga kliyente sa mga karagdagang murang pagkakataon sa pabahay na hindi pa naililista sa DAHLIA at iba pang rekurso: mga ahensiya ng tagapayo sa pabahay, mga rekurso sa wika.

Sa “Sign In” makakalikha o makakapasok sa iyong account.

Nagbibigay ang “Additional Opportunities” ng mga link sa mga programa ng murang pabahay na hindi pa lumilitaw sa kasalukuyan sa DAHLIA at matatagpuan pa sa ibang site.

Mayroon ding “Income and Eligibility Calculators,” na pag-uusapan din natin ito.

At may lugar para sa pagsa-sign up para makatanggap ng mga abiso sa email. Pag-uusapan natin ang bawat katangian maya-maya.

Slide 13

Marie, HSF:

Isang pahapyaw na pananaw lamang ng homepage ang dinaanan ko ngayon.

Slide 14

Marie, HSF:

Pag-usapan natin ang paglilingkod sa wika. Balang araw nais naming tiyakin na nagbibigay kami ng paglilingkod sa wika sa apat na opisyal na wika ng San Francisco. Sa ngayon, hindi pa namin naaabot ang antas na iyan. Halimbawa, kapag nag-click kayo sa napiling Espayol, mapupunta kayo sa isang kalahatang puntahang pahina para sa wikang iyon, at ang puntahang pahina ay magsasabi sa buod ng “Wala pa kami ng lahat ng dapat. Narito ang maaasahan ninyo sa hinaharap. Kung kailangan ninyo ng tulong pansamantala, heto ang isang ahensiyang tagapayo sa pabahay na nagbibigay ng paglilingkod sa inyong wika. Kaya mayroon itong impormasyong tungkol sa iba’t ibang nonprofits na nagbibigay ng tulong sa mga tao ito na nahhirapang magsaliksik sa site na nasa Ingles.

Tulad ng napag-usapan na natin, ang aplikasyong maramihang wika, darating na ito sa lalong madaling panahon. Sana ay sa summer.

Barry, MOHCD:

Marie, kailangan ko sigurong sumingit, si Barry muli. Nasa proseso kami ngayon ng pagrerebisa ng mga puntahang pahina, iyan ang itatawag namin, sa tatlong iba pang wika. Nagawa na ito sa totoo lamang noong isang taon nang ilunsad namin itong site. Kaya malinaw na nagkaroon ng mga pagsunod sa panahon mula noon. At nakatanggap kami ng magandang reaksiyon na may karagdagang impormasyong kaming maibibigay para sa mga mamamayan na ang katutubong wika ay isa sa tatlong iba pa. Kaya hindi lamang kami magsusunod sa panahon, kung hindi gagawa ng ilang pagpapalawak kaugnay niyan kaya maaasahan ninyo ito marahil sa susunod na buwan o hindi nalalayo diyen.

Slide 15

Marie, HSF:

Sa batayan, isa itong pahina na mag-uugnay sa kliyente sa iaba at ibang rekurso na makakatulong sa kanila sa paglalakbay sa prosesong ito at pagkatuklas ng marami at karagdagang suporta kaugnay ng kanilang paghahanap ng bahay. Naglilista ito ng iba at ibang ahensiyang tagapayo ng pabahay na makukuha sa siyudad. Kasama rin dito ang kanilang kakayahan sa wika. Kaya makakatagpo ang sinuman ng tagapayo sa pabahay sa pagklik sa buton na ito.

Ang suporta sa wika, na maghahantong sa kanila sa parehong puntahang pahina na nabanggit na nang pag-usapan natin ang paglilingkod sa wika.

Para sa “Additional Opportunities”, kung interesado ang isang tao sa programang pag-aaring BMR na wala pa sa DAHLIA sa ngayon, maaari silang magklik dito sa “Additional Opportunities”, at bibigyan sila nito ng paraan para makaugnay sa website ng Tanggapan ng Pabahay ng Mayor na kinalalagyan ng programang iyon at makukuha doon ang mga paglilista.

Slide 16

Marie, HSF:

Isa itong magandang katangian. Talagang hinihikayat namin ang sinuman na gustong maa-access at makakuha ng impormasyon tungkol sa programa sa murang pabahay ng Siyudad na mag-sign up sa abiso sa email ng Tanggapan ng Pabahay ng Mayor. Madali nilang magagawa ito sa DAHLIA sa pag-click sa kinalalagyan nitong sobre para maka-sign up ngayong araw. Madali lamang ang mag-sign up. Hinihiling lamang nila ang maibigay ang pangalan at apelyido at ang email address. At nagbibigay din ito ng mapagpipilian na mag-sign up para sa paglilista ng pagrerenta, paglilista ng pagrerenta at pagmamay-ari, o basta lamang paglilista ng pagmamay-ari. Talagang pagtitiyak na matatanggap nila ang mga notipikasyon para sa uri ng pagkakataon sa pabahay na pinakainteresado sila.

Nasa website din ng MOHCD ang mapagpipilian upang mag-sign up para sa mga notipikasyong email. Makakapagpatuloy na mag-sign up ang mga tao doon ngunit matatagpuan din ito sa DAHLIA. Talagang isa itong madaling paraan upang manatiling sunod sa panahon kung ano ang makukuha at kung ano ang naroon at makalahok sa aksiyon ng paghahanap ng murang pabahay. Matatagpuan sa DAHLIA ang mga paglilista, ngunit hinihikayat talaga namin na gamitin ng mga tao ang pag-sign up sa pag-alerto sa email.

Slide 17

Marie, HSF:

Heto, mayroon tayong “Additional Opportunities.” Kapag mag-click kayo dito sa buton upang “View Additional Housing Opportunities,” dadalhin kayo sa pahina na kasalukuyang ganito ang itsura. Magbabago pa itong pahina habang sumasailaim ang DAHLIA sa mga pagpapabuti at nagdaragdag ng mga bagong katangian. Sa ngayon, ang mga programa at pagkakataon sa murang pabahay na hindi nakalista sa DAHLIA ay matatagpuan dito.

Mayroon tayong iba’t ibang rekurso at paglilingkod sa pagrerenta. Maaari kayong mag-click sa mga buton na ito, at mapupunta kayo sa link na iyon. Halimbawa, sa Compass One Home, pupunta ito sa link ng One Home upang makita ng mga tao ang iba’t ibang pagkakataon na nakalista doon. Habang naisasama sa listahan ng DAHLIA itong mga pagkakataon para sa maramihang pamilya at development ng nonprofit na pabahay, malamang na bahagya ring magbago ang bahaging ito. Di lumaon, kapag nailista na sa DAHLIA ang mga pagkakataon sa pagmamay-ari ng bahay, magbabago na doon ang itsura nitong screen. Ito muna ang makikita natin dito. Ang bahagi ng pagmamay-ari ay mananatili doon nang matagal-tagal pa hanggang nakabukas ang kaparaanang iyon.

Slide 18

Marie, HSF:

Narito ang “Income and Eligibility Calculators.” Maganda ito. Kapag interesado ang mga tao sa pag-browse sa mga paglilista, kapag gusto lamang nilang makita ang mga tungkol sa kanila at kanilang sitwasyon, may kahanga-hangang katangian ang DAHLIA, itong “Eligibility Calculator” na maaari nilang puntahan muna bago tumingin sa mga paglilista. Kapag

natapos na nila ang “Eligibility Calculator” ipapakita lamang sa kanila ang mga paglilista na angkop sa laki ng sambahayan nila at kita ng kanilang sambahayan. Hihilingan silang mailagay ang mga batayan impormasyon—dami ng tao sa kanilang sambahayan at kanilang kabuuanga kita. Mailalagay nila ang kada buwan o kada taon, alinman ang mas madaling matukoy nila. Pagkatapos ay ikiklik itong buton ng “View Matches”, at kapag napunta na sila sa pahina ng paglilista, makikita lamang kung ano ang makabuluhan sa kanila. Isa talaga itong magandang kasangkapan para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na magagamit sa inyong mga kliyente dahil malamang na mayroon kayo nitong impormasyon at matutulungan ninyo sila sa paglalagay nito. Talagang maganda ito sa hindi pagsasayang ng oras. Wala naman talagang tone-toneladang makukuhang paglilista, ngunit tinitiyak nito na pinapasimple natin ang proseso at dinadala sila sa mga pinakaangkop at malamang na bagay sa kanilang sitwasyon. Hindi ninyo kailangang gamitin itong “Eligibility Calculator.” Isa lamang itong kasangkapan para makatulong sa paghahanap ng bahay.

Slide 19

Marie, HSF:

Kung gagamitin ang “Eligibility Calculator”, ganito ang magiging itsura ng pahina ng paglilista. Sa halimbawang ito, may isang taong kumikita ng \$35,000 kada taon at lilitaw lamang ang mga paglilista na angkop. Mayroon ito ng maliit na berdeng kahon na mayroon ding marka ng tsek na Matched para matiyak ninyong makabuluhan ito sa nangyayari sa inyong sitwasyon.

Slide 20

Marie, HSF:

Naroon din ang “Household Income Calculator.” Makakatulong ito sa mga tao para makuwenta ang kita nila, para sa “Eligibility Calculator” o para lamang din alam nila. Maganda ito. Mailalagay ninyo at maisusunod sa panahon ang pinagmumulan ng kita, gayundin ang sahod, social security, iba pang uri ng pinagmumulan. Mailalagay ninyo kung magkano ito kada buwan o kada taon at masusuma ang lahat ng kita alinsunod sa pinagmumulan para sa aplikanteng iyon. Maisa-save ang impormasyong iyon kapag gumawa ng account ang aplikante. Maisa-save ito para sa kanila upang ma-access nila itong impormasyon habang sinusulatan nila ang kanilang aplikasyon.

Slide 21

Marie, HSF:

Tingnan natin kung ano ang itsura ng mga paglilista. Lalabas muna ako sa power point na ito at bubuksan ang DAHLIA para mapalitaw natin ang isang paglilista. Walang bukas na paglilista ngayon. Pupunta ako sa sinusubukang site ng DAHLIA. Ganito ang magiging itsura ng paglilista, at ganito ang itsura sa DAHLIA. Nagmula talaga ang paglilista sa buod ng DAHLIA. Dito ilalagay ang lahat ng impormasyon. Tingnan kapag bumalik tayo nang isang pahina, sa unang beses na makita ninyo ang paglilista, maipapakita nito ang iba’t ibang pagkakataon na makukuha.

Tingnan natin dito ang aktuwal na site. Makikita natin dito ang marami-raming bilang ng paglilista. Ngunit isasaayos ito sa paraang magkakaroon ito ng kahulugan at uunahin ang mga bukas at makukuha at tumatanggap ng aplikasyon sa itaas. Kaya lilitaw dito ang mga iyon. Kaya isasaayos ito alinsunod sa proseso. Mayroon tayo ng mga tumatanggap ng aplikasyon. Kapag mayroon, nasa bandang itaas ang mga ito. Pagkatapos ay makikita natin ang mga aplikasyong sarado at maipapakita nito sa inyo kung nasaan na sila sa proseso. Ang isang ito ay may nakapaskil na resulta ng lottery at makikita natin ang mga petsa kung kailan ito nangyari. Makikita ang mga may iba’t ibang lottery na baka gustong tingnan ng ibang

tao. Para makita kung ano ang nangyari sa kanila sa lottery. Heto naman ang mga may resulta sa lottery na lalabas na sa lalong madaling panahon. Kaya nasa yugto ito ng nagsara ang aplikasyon at bago mangyari ang lottery. Ipinapaalam sa kanila kung kailan nangyari ang lottery o kung walang lottery. Marami kayong makukuhang impormasyon mula sa home screen na ito at ganito ang paraan sa pag-navigate nito.

Slide 22

Marie, HSF:

Sa loob ng isang paglilista mismo, ganito ang magiging itsura nito. Mayroon tayo ditong batayang impormasyon tungkol sa ari-arian, ang address, madalas na may retrato mula sa developer o sa ahente ng pagrarenta. Ang mga impormasyong sinabi ng mga tagagamit na gusto nilang makita agad, iyon ang unang lilitaw. Interesado ang karamihan sa mga tao sa uri ng yunit na makukuha, laki ng renta, at ano ang mga kahingian sa kita para sa yunit na ito. Makikita iyan dito. Sa kasong ito, makikita natin ang iba't ibang uri ng yunit, ang minimum na kita na kailangan kada buwan para maging kwalipikado, magkano ang renta, at ilan sa mga uri ng yunit na ito ang makukuha para sa lottery ng BMR.

Mayroon din tayo ditong banner na nasa kanang panig. Ipinapakita diyan kung kailan ang deadline para sa aplikasyon, mga sesyon sa impormasyon at kung saan at kailan gaganapin ang mga ito, mga open house, at paraan ng pag-aaplay. Sa kasong ito, aplikasyon sa papel ito, at maida-download ninyo ang aplikasyon dito. Sige sulong tayo, makikita natin ang mga mapagpipilian para sa “click here to apply online,” at ipapakita sa atin ni Barry ang proseso. Pag-access sa mga rekurso, muli, paghanap ng tagapayo sa pabahay. Impormasyon sa timeline at ang proseso. Kailan ang lottery at ano ang maaasahan. At ang impormasyon tungkol sa ahente sa pagrarenta.

Sa kaliwa, may higit pang impormasyon kaugnay ng mga kahingian sa pagiging karapat-dapat. Ang pinakamataas na kita ng sambahayan kada laki ng sambahayan para maging kwalipikado sa isang yunit. Ang mga kahingian sa pag-okupa at ang mga gusto sa lottery. Anumang reaksiyon tungkol sa wika kaugnay nito, ipaabot ninyo lang sa amin. Kung tinatanggap ang tulong sa pagrarenta at magagamit sa ari-arian. At alinmang karagdang kahingian para sa pagiging karapat-dapat. Karaniwang iyan ang hinahanap ng ahente sa pagrarenta bukod pa sa aplikasyon. Baka mayroon silang kahingian sa credit, kahingian sa historya sa pagrarenta, impormasyon tungkol sa background check kung nangyayari ito, mga ganyang bagay. At sa ilalim ang Features. Anong klase ng mga amenities, ang iba't ibang impormasyon sa katangian at accessibility. Gayundin ang bayad sa aplikasyon. Kung may bayad sa aplikasyon, para lamang ito sa mga taong pinoproseso ang aplikasyon pagkaraan ng lottery. Para makapagsumite ng aplikasyong may maikling form sa DAHLIA, palagiang libre ito. Hindi namin pinagbabayad ang mga tao para mailagay ang pangalan nila sa lottery. Kapag lamang napili sila sa lottery at tutuloy na sila mula doon.

Ganito ang itsura ng mga paglilista at sinusubok naming gamitin ang madali-sa-tagagamit na paraan upang matiyak na ang mga impormasyong nais ng mga tagagamit ay agad na makukuha at centralized para sa kanila.

Isa pang bagay na gusto kong ipakita dito ay ginawa ang DAHLIA para magamit para sa iba't ibang uri ng produkto. Kaya maa-access ninyo ito sa mga tablet at phone. Makikita ninyong habang mini-minimize ko ito o pinaliliit, naroon pa rin ang dating impormasyon. Pinaliit lamang sa ibang paraan. Parang ganito ang magiging itsura nito kapag sinilip ninyo sa phone. Naroon lahat, na magandang-maganda.

Barry, MOHCD: Salamat Marie, si Barry ult ito. Sisingit ako sandali. Hindi ako makapigil sabihing marami talaga kaming natatanggap na aplikasyon galing sa phones. Masaya kaming gumagana iyan. Ngunit Marie, sumingit ako kasi mayroon ilang katanungan tungkol ulit sa mga income calculator. Paalala lamang na ang proseso ngayon sa pagtulong sa mga tao na matukoy kung aling paglilista ang karapat-dapat para sa kanila at sa proseso ng aplikasyon ay mailagay sila sa lottery sa pinakamabilis at pinakamabilis at madaling paraan, tulad ng sinabi ni Marie. Kaya pinasimple namin ang ilang bagay. May mga katanungan na sa palagay namin, “Ano ba, kailangan ba nating tanungin iyan ngayon? Kailangan ba nating pahirapan ang mga tao ng mga ganoong bagay?” O maghihintay tayo hanggang “Teka, pakinggan natin. Mahusay ang nagawa ninyo sa lottery at kailangan naming tanungin kayo ng ilang bagay pa. At isa sa mga bagay na ito ang mga asset. Hindi tayo umabot sa mga tanong sa asset sa eligibility calculator. Hindi tayo pumupunta sa mga asset, gaya ng makikita ninyo mayamaya para sa aplikasyon sa pagrerenta para sa BMR o maramihang pamilya. Isa itong pasya na inisip namin, “Sige, okay, palagay namin ay matutugunan ito sa bandang dulo na.” May mga bentaha at desbentaha sa lahat ng iyan. Tatanggapin namin ang inyong mga reaksiyon kung sa tingin ninyo ay mali ang aming paraan.

Habang nasa paksa tayo ng pagiging karapat-dapat at income calculators, gusto kong sabihin na nakakita kami na hindi ninyo ikagugulat, na kung mayroon lamang ilang paglilista sa takdang oras, at ngayon gaya ng ipinakita ni Marie ngayon-ngayon lang, wala ngayon bukas na anuman. Sa pagbubukas ng paglilista ng maramihan pamilya at ang buong portfolio na iyon, magiging hindi na karaniwang hind kayo makakakita ng anuman sa DAHLIA. Kung kakaunti lamang ang naroon, siguro titingnan ko sila para sa sarili, siguro hindi ko kailangang gamitin ang magarang calculator para sa pagiging karapat-dapat. Inaasahan namin na mapapalawak ang kaparaanang iyon sa hinaharap upang maipakita na talaga doon ang mga ari-ariang wala pang makukuhang mga yunit at sasabihin sa inyo, “oops, batay sa impormasyong ibinigay ninyo sa amin, ito ang mga ari-ariang baka gusto ninyong tingnan” at baka makaya pang sadyang ipaalam sa mga tao kapag nagkaroon ng pagbubukas sa mga iyon. Kaya isang tala tungkol sa kapupuntahan sa hinaharap. Pasensiya sa pagsingit Marie.

Marie, HSF: Wala iyon, magandang mga impormasyon iyon. Salamat sa pagkuha sa mga katanungang iyon. Napahalagahan ko talaga.

Slide 23

Marie, HSF: Kaya napag-usapan natin ang mga gusto sa lottery kaugnay ng mga paglilista. Maaaring magbago ang gusto sa lottery batay sa iba’t ibang paglilista. Palagiang magbabago ang impormasyong iyon sa paglilista. Kaya siguraduhing tumitingin kayo doon ng inyong mga kliyente at pumipili ang ating mga kliyente ng tamang preference na angkop sa kanila dahil malaking bagay iyon sa kanilang aplikasyon. Pag-usapan natin kung paano binubuo ang aplikasyon at ang ilang pagbabagong nangyayari dito para gawin pang mas madali para sa mga tao na alamin kung alin sa mga preference na ito ang angkop sa kanila.

Barry, MOHCD: Pasensiya na Marie, sisingit na naman ako dahil mayroon tayong ilang kmento, at napahalagahan ko ang isang tanong mula kay W at isang tugon mula kay Racquel. Salamat sa paglahok, Racquel. Kung namomroblema kayo na makita ang screen na ginagamit ni Marie sa presentasyon, nababago ko ang sa akin sa bawat computer na gamitin ko. Ang nagbukas na window para sa akin nang buksan ko itong aplikasyon ay umokupa nang

sangkatlo ng screen. Ngunit kapag nag-hover kayo sa lalabas na screen, may menu na lilitaw mula sa itaas. May limang berdeng buton, ang nasa kaliwa ay baka pula kapag nag-mute kayo ng microphone. At sa ibabang kanang sulok, may plus sign, may minus sign, may buton na 1:1. At may maliit na buton na funky na itsurang kuwadrado na may apat na maliliit na kuwadrado sa loob. Kapag nag-click kayo dito, lalaki ang screen ninyo nang buo sa computer at lalaki na ang imahen para sa inyo.

Slide 24

Marie, HSF:

Itong bahaging ito ang talagang nakakatuwa, ang proseso ng aplikasyon. Talagang ang dahilan nito ang pagnanais at pangangailangan naming magawa itong napakadali hangga't maaari para makapag-aplay ang mga tao. Ang grupo ni Barry at ang mga developer ay nakipag-usap sa mga tao sa umpisa pa lang, lalo na sa proseso ng aplikasyon para gawin itong madali at malinaw at naiintindihan at simple hangga't maaari. Marami kaming malalaking nagawa para mapasimple ito upang maging komportable kami na paaplayin ang mga tao sa programa ng murang pabahay.

Ginagamit ng proseso ng aplikasyon ang modelong TurboTax. Ang TurboTax ang unang gumawa nito, ngunit isa itong proseso kung saan ay parang sinamahan talaga ng DAHLIA ang aplikante sa proseso ng aplikasyon. Pinakitaan sila ng mga screen na makabuluhan sa kanila batay sa impormasyong isinumite nila. Mayroon itong linyang nagpapakita ng puwesto ninyo sa proseso at ano ang mangyayari pa.

May limang madaling hakbang. Isusulat ng aplikante ang impormasyon tungkol sa mga sarili nila. Kaya mga batayang impormasyon gaya ng pangalan at impormasyon sa pagkontak. Numero ng telepono at email, mga ganyan.

Mga impormasyon sa sambahayan. Kung may kasama silang iba sa aplikasyon ng yunit, kailangan nila ng mga batayang impormasyon ng lahat iba pang kasama sa sambahayan, lahat ng kasama nila sa aplikasyon at balak na makasama sa paninirahan doon sa murang pagkakataon sa pabahay.

Pasensiya na at magkabaligtad ito. Kaya talagang kasunod na ang kita pagkatapos ng impormasyon sa sambahayan. Kasunod na hihilingin nito ang kabuuang suma ng kita ng sambahayan. Kaya ang kita bago buwisan, kailangan nilang isumite iyon.

Pagkatapos, mayroong screen tungkol sa pagpili ng mga gusto. Sinusubukan naming gawin na maging napakadali hangga't kaya ang bahagi ng gusto. Kaya ginagamit ang impormasyon mula sa address na isinasama mula sa batayang impormasyon tungkol sa sarili niya at kanilang sambahayan. Gamit ang impormasyon sa kanilang kita, at pagtukoy kung may ilan sa mga gusto sa pabahay ang angkop para sa kanila. Magagamit natin ang impormasyon sa address para malaman kung karapat-dapat sila sa San Francisco Preference o Neighborhood Resident Preference. Para sa OCII developments, gamit ang impormasyon sa kita na iyon para malaman kung baka kwalipikado sila para sa Preference na Rent Burdened. Nagsisikap kaming magawa ng DAHLIA na gabayan ang tagagamit na angkop sa mga gustong ito, na malaman nila na, "Oops, maganda talaga ito. Naninirahan at nagtatrabaho kayo sa San Francisco. Kailangan na ninyong kunin itong gusto." Kaya nagagawang talagang madali at malinaw kaugnay ng marami hangga't kaya sa mga preference na ito. Gagawing malinaw kung sino ang karapat-dapat na kumuha sa alin sa mga preference na ito. Ngayon, higit sa pagklik lamang ang gagawin nila sa kahong nagsasabi ng "Gusto kong kunin ang preference

na ito". Gagabayan sila ng aplikasyon na mag-upload din ng mga kailangang dokumentasyon, at magiging napakahalaga niyon dahil kapag hindi nila isinama ang dokumentasyon, hindi sila magiging karapat-dapat para sa preference na iyon.

Mas maiging masimulan itong proseso ng aplikasyon kapag kayo at ang inyong kliyente ay hawak na ang lahat ng impormasyon na baka kailanganin nila. Ngunit may mga pagkakataon ding iniharap sa kabuuan ng proseso ng aplikasyon na may mapagpipilian na mase-save nila at matatapos sa ibang panahon, kung saan makakagawa ng account ang isang tao. Kung kaya kapag kailangan nilang makakita ng utility bill o ilang dokumentasyon na nagpapatunay na kwalipikado sila sa isang gusto, magagawa nila iyon at makakabalik sa ibang panahon, at mase-save ng DAHLIA ang kinapupuwestuhan nila sa proseso ng aplikasyon kaya mababalikan nila ang iniwan nilang puwesto.

Review ang pinal na hakbang sa proseso ng aplikasyong online. May hinihiling itong ilang demograpikong katanungan. Opsiyonal ito ngunit makakatulong talaga na ang siyudad at ang MOHCD ay mayroon nitong impormasyon. Kaya hangga't komportable ang inyong mga kliyente, hihilingin nating punuan nila iyon. Sasailalim ito sa mga pinal na hakbang at pagkaraan ay isusumite na nila ang aplikasyon. Kapag naisumite na ito, awtomatikong malilikha ang isang numero ng lottery. Iyan ang batayang buod na pananaw sa proseso.

Slide 25

Marie, HSF:

Talagang mahalagang maidiin dito: walang dobleng aplikasyon. Talagang napakahalaga nito! Kapag nag-aaplay ang isang tao sa pagrentang BMR, sarili nila ang nag-aaplay para sa isang studio at nag-aaplay sila kasama ang kapatid na babae para sa isang kuwarto, hindi maaari iyon. Hindi pinahihintulutan iyon, at natatanggal sa lottery ang mga dobleng aplikasyon. Nasisira ang aplikasyon nila. Nasisira din ang tsansa ng kapatid nilang babae. Kaya tiyakin po na ang kliyenteng pinaglilingkuran ninyo, na lumilitaw lamang sila sa iisang aplikasyon, indibidwal man iyan, o bilang miyembro ng isang sambahayan.

Mahalaga din na hindi mag-aaplay ang mga tao kapwa sa online at magpapadala din ng aplikasyong de-papel. Okay lamang kung may magsimula online, mapatigil at hindi na nakatapos, at komportable na magpatuloy gamit ang aplikasyong de-papel. Hindi problema iyan. Ngunit magkakaproblema at may ibang epekto kapag nagsumite sila kapwa ng aplikasyong online at aplikasyong de-papel.

Kaya para lamang alam ninyo mga kasama, na maraming lohikang inilagay sa sistema na tumutukoy sa mga potensiyal na doble para sa MOHCD. Hinahanap nito ang mga address at pangalan at mga katulad, at tutukuyin talaga ito. May kawani ang Tanggapan sa Pabahay ng Mayor na magsusuri sa mga natukoy ng mga aplikasyon at aalamin kung alin ang mga doble at alin ang hindi. Mayroon pa ring nagsusuri sa mga ito. Hindi naman awtomatikong tinatanggal ng sistema ang lahat kung may potensiyal na doble. Ngunit talagang napakaimportante na maidiin ninyo sa inyong mga kliyente na makakagawa lamang sila ng isang aplikasyon.

Slide 26

Marie, HSF:

Tulad ng napag-usapan natin, kapag naging kwalipikado ang isang sambahayan sa isang gusto, sasabihan ang aplikante na mai-upload ang mga dokumentong pansuporta. Mabuti ang mga retratong kuha sa cellphone. Hindi ito kailangang maging mga PDF o katulad. Matatanggap ang retrato ng bill o gawang copy and paste o mga katulad. Tulad ng nasabi,

maganda kung handa na ang dokumentasyon bago mag-umpisa, ngunit sa paggawa ng account ay magagawa mong balikan kung saan kayo nagsimula.

Isang bagay na dapat matandaan na may proseso ng time out sa aplikasyong online. Kaya kung nagsimula kang pumuno sa mga screen na ito, tapos sabihin nating naistorbo ka o gusto mo munang magtanghaihan at balikan na lang ito, kapag iniwan ko na naka-idle ang screen nang mga limang minuto o mas matagal pa, tatanggalin na ako nito. Ginagawa ito para sa proteksiyon ng kliyente, para matiyak na hindi nakalantad sa screen ang mga sensitibong impormasyon nila na maaaring makita o makuha ng iba. Mahalagang malaman na bahagi iyan nito, ngunit maaari kang makagawa ng account, mag-save at tapusin ito sa ibang oras, gawin muna ang kailangan mong gawin o hanapin ang kailangan mong dokumentasyon at bumalik sa aplikasyon at saka ito tapusin.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 1

Marie, HSF: Barry, mauuna na ako at ibibigay sa iyo ang pagiging presenter para magabayan mo kami sa itsura ng isang aplikasyon, okay ba?

Barry, MOHCD: Barry: Sige gawin natin iyan.

Kaya io-optimize ko muna ang screen ko dito sandali. Sa ngayon nakatingin tayo sa interface ng Salesforce, hindi ko na kayo paiinipin diyan, ngunit diyan lumulundo ang lahat ng kasangkapang ito. At may kaugnay tayong interface na tinitingnan ng ating mga developer at ahente sa paglilista na ganito ang itsura. Mas pina-simple na ito, lugar na pinangangasiwaan nila ang mga aplikasyong pumapasok. Pinangangasiwaan nila ang mga aplikasyong natukoy na mga doble. Narinig na siguro ninyo ang Salesforce. Alam kong may dambuhalang gusaling ginagawa nila sa downtown, siyempre. Ginagamit ito ng ilang tao sa layunin ng pagbebenta ngunit napakaganda ring database nito, at tulad ng tinitingnan natin, diyan nakasandal ang website ng DAHLIA.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 2

Barry, MOHCD: Ipapakita ko muna ito sa pangkalahatang pananaw. Ito ang regular na DAHLIA na mapupuntahan ninyo. At siyempre, iyan ang **housing.sfgov.org**. Ngunit makikita ninyo dito sa itaas, sana nakikita ninyo, dito sa url bar ko, ang website address bar ko, na iba ang isang ito. Nariyan kanina si Marie. Isa itong sinusubok na site. May ilan kaming ganito na pinagsusubukan namin ng mga bagong idea bago namin ilagay nang buo sa DAHLIA. At lagi bukas sa inyo ito para masubukan ang mga paglilista na gagawin naming ngayong araw. Kapag hindi ninyo ito makita, titiyakin naming makakarating ito sa inyo, ito nga ang **dahlia-sandbox.herokuapp.com**. Muli, titiyakin naming makakarating ito sa inyo. Tandaan lamang na huwag kayong gagawa ng totoong aplikasyon sa site na ito. Ngunit makakapunta kayo dito o pumunta sa paglilista na gagawin namin ngayong araw at punuan hanggang gusto ninyo ang mga kunyaring aplikasyon. Kung gusto ninyong subukan o maipakita sa ibang tao. Mga ganyang bagay. Isang babala lamang, dahil pagsubok na lugar lamang ito, masusubukan ninyo ito balang araw at masasabi “Ops, nasaan ang pansubok na paglilista na ipinakita ni Barry ngayon, wala na ito ngayon.” Dahil kung minsan, kapag sinusubok natin ang mga bagay-bagay, maaaring naroon o wala ito doon, ngunit madalas na naroon ito, at bukas ito para magamit ninyo. Kaya pumasok na tayo doon.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 3

Barry, MOHCD: Kaya kanina lamang nang nagpapakita sa atin si Marie ng paglilista, nag-fokus siya kay L Seven, at muli nasa lugar ng pagsubok tayo. Nalalaman ng marami sa inyo na nagsara na ang L Seven. Kaya makikita ninyo ang random na paglilista ng bagay dito, ngunit ang gusto ninyong pagtuunan ay ang 450 Mason (Pagsasanay). Kaya dapat na palagiang naroon iyon. Magki-click tayo doon, at sabay nating gagawin ito.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 4

Barry, MOHCD: Tulad ng nakita ninyo kanina sa buong paglilista, kapag may mapagpipilian ng aplikasyong online ang paglilista, naroon ang buton na ito—Apply Online. Mas magiging malamang, magiging lalong bihira na hindi ninyo makikita ang buton na ito. Ang ating portfolio ng maramihang pamilya ay hindi magkakaroon ng aplikasyong online nang ilang buwan tulad ng natalakay natin, ngunit sa pagtatapos ng summer, ang mga bagay na para sa pagrerenta ay dapat nang magkaroon ng mapagpipiliang Apply Online. Kaya sige at i-click na ang Apply Online.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 5

Barry, MOHCD: Kaya inaasahan na isa sa mga bagay na maobserbahan ninyo sa pagpunta dito ay ginawa ito para magamit nang simple. Talagang makakatulong sa mga tao nang hakbang-hakbang, hindi magpupuno ng napakaraming impormasyon sa anumang pahina. Natutuwa akong sabihin na sa mga ilang una namin, ang unang tatlong paglilista, na binuksan namin ang kaparaanan sa aplikasyong online, ang lahat ng tatlong ito ay nakakuha ng higit sa 70%, 85% ang sa una, ng kanilang aplikasyong online. May sinasabi ito sa ating may pinupuntahan tayo. Na gusto ng mga tao na makagawa nito online. Na sinasabi nila sa atin na kaya naming maintindihan ito. Ngunit muli, nais naming makatiyak na maiintindihan nga nila. Kaya ginagawa natin itong pagsasanay. At paalala na palagian nating magagawa ang de-papel na mapagpipilian. Kaya magsimula na tayo sa aplikasyon. Sisimulan na natin, i-click natin ang “Get Started.”

Pagsubok na Aplikasyon Screen 6

Barry, MOHCD: Gaya ng sinabi ni Marie kanina, may tinatawag na linyang TurboTax. Ipapakita lamang nito na makakatawid tayo sa kinalalagyan ko sa proseso at gaano karami pa ang gagawin ko, atbp. Isa pang bagay ay medyo naiiba ang kaayusan dito. Kasunod ng Preferences ang Income at nakita ninyo ang aberya kanina sa isang slide. Nasa proseso kami ng pagbabago dito, dahil kapag inuna naming hilingin ang kita, ilan sa mga bagay dito ay puwede naming gawing awtomatiko, at hindi na namin sasayangin ang oras ng mga tao sa paghiling na isulat nila ang mga bagay na alam na namin tungkol sa kanila. Halimbawa, malalaman na namin kung kailangang hilingin namin ang tungkol sa Rent Burdened Preference, na isang bagay na maaari sa ating portfolio ng OCII. Kung binigyan nila kami ng impormasyon tungkol sa kita nila o sa mga bagay na ipamamahala nila sa amin kung angkop ito sa kanila o hindi. Kaya sinasabi dito kung ano ang gagawin dito. May ilang itatanong kami sa inyo, may pagkakataon kayong makapagrepaso. Paalala: isang aplikasyon lamang ang maaari sa bawat tao. At siyempre, magiging dahilan ng pagkatanggal ng aplikasyon ninyo ang mga madayang pahayag. Kaya i-click na natin ang “Next.”

Pagsubok na Aplikasyon Screen 7

Barry, MOHCD: Talagang simple lamang dito. Una, ano ang pangalan ninyo. Alam ko kung ano ang naroon. Tingnan natin ang kapanganakan ko. Ngayon, mas magiging bata ako sa totoong edad ko. Kasunod.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 8

Barry, MOHCD: Ang sabi dito, “Salamat, Barry.” Medyo impormal at personal ang paglapit dito. Ano ang numero ng telepono ko? Ngayon, pansinin kung ano ang nangyari. Pagkatapos kong ilagay ang huling 5, naiwala ko na ang pagpipilian dito sa ibaba na nagsasabing wala akong numero ng telepono. Makukumpleto ninyo ang isang aplikasyon hangga’t binibigyan ninyo kami ng isang paraan sa pagkontak sa inyo. Maaaring numero sa telepono ito. Maaaring email address ito. Maaaring address na nakasaad ang kalye. Ngayon pagtutuunan natin ang huling bagay para makita ninyo ang pagbabago kapag pumunta na tayo doon sa kailangan ang address ninyo. At dahil iyon sa kailangan namin ang impormasyong iyon para malaman kung kwalipikado o hindi ang isang tao sa Neighborhood Resident Housing Preference, kabilang ang taong walang bahay ngunit nananatili sa neighborhood na iyon.

Kaya makakakita kayo ng kaunting pagbabago dito habang pinapaunlad pa ito. Ituring na lamang ito na isang uri ng app sa telepono ninyo. Maayos naman ang takbo, at bubuksan ninyo ito kinabukasan, at naku, nagbago na ito sa magdamag lang. Ganito ang makikita ninyo sa DAHLIA, ngunit magiging intuitive, unti-unting mga pagbabago ito na nasubukan muna bago ipasok at maipagamit. Tungkol sa numero ng telepono. At masasabi kong isang numero iyan sa trabaho. Makakadagdag ka ng ibang numero sa telepono kung gusto mo. Okay, hindi ko gagawin iyan ngayon.

Ang address ko sa trabaho, ilalagay ko iyan ngayon. Dahil ginagawa natin ngayon ang mga preference na ito, na napakahigpit, kailangang mahanap natin ang mga ito sa mapa at magpasya kung kwalipikado kayo o hindi sa partikular na Neighborhood Resident Preference, kung hindi pati sa Live in San Francisco Preference. Kailangang matiyak naming makuha nang wasto itong impormasyon. Sa isang sandali, makikita ninyo kung paano ito kumpirmahin ng DAHLIA. Ngunit bago natin gawin iyan, maaaring tiyakin na mayroon akong address sa koreo. Muli, hindi ko kailangang gawin ito.

Nagtatrabaho ba ako sa San Francisco? Sasagot ako ng oo para diyan. Ang sabi dito, “Para makuha ito bilang gusto sa lottery, kailangan mong i-upload ang dokumentasyon sa iba pang screen mamaya.” Okay, ayos na iyan. Sabihin nating nagsisigawan ang mga bata at hindi ko ito magagawa. Kailangan kong balikan ito. Mayroon kang mapagpipiliang mai-click na “Save and Finish Later.” Ibig sabihin lamang nito na kailangan mong magbukas ng account sa DAHLIA. Hindi kailangang magsumite ng aplikasyon ang mga account kahit kailan. Dahil bagama’t nangunguha kami ng mga impormasyon mula sa mga tao, may mga taong basta ayaw gumawa ng account. Muli, madali lamang itong gawin. Ang kailangan lamang gawin, makikita ninyo dito sa dulo, ay magbigay lamang ng password, kumpirmahin ang inyong email address, at ayos na kayo. Makakasama dito ang ilang magandang benepisyong gaya ng sa hinaharap ay nais ninyong mag-aplay sa iba pang bagay, maaaring malagyan ninyo ng mga bagong nilalaman ang aplikasyon ninyong pinunuan ninyo noong nakaraan ngunit iyon ay kung papayag kayong magbukas ng account. Ngunit muli, kung ayaw ninyo, ayos lang naman. Magpatuloy tayo.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 9

Barry, MOHCD: Nabanggit ko ang tungkol sa address. Nakita namin ang address ninyo. Iyon nga ba ito? Sasabihin lang ninyo na oo. Kung minsan magbabalik ito at magtatanong, “Hindi ko nakikilala ang address na ito. Maaari bang tingnan ninyong muli?” At talagang madali, simpleng kamalian lamang na nagawa ng sinuman, namali ng pag-type sa kalye o iba pa. Ngunit sa maraming pagkakataon, nakikilala naman ito.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 10

Barry, MOHCD: Ngayon, sinasabi nito, “May tao bang makokontak namin kapag hindi namin kayo matagpuan?” Muli, hindi naman ito kahingian. Ngunit lalo na sa mga tao, na sabihin na natin, kayong mga tagapayo sa pabahay na nasa telepono, may mabuting ugnayan kayo sa kanila at madalas ninyo silang tulungan sa prosesong ito, tiyak na maibibigay ninyo agad dito ang impormasyon. Tagapangasiwa ng Kaso o Tagapayo sa Pabahay. Kapag nag-click tayo sa next at pumunta doon, sa katotohanan, gawin na nga natin iyan.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 11

Barry, MOHCD: Ano ang kapalit o iba pang pangalan ninyong makokontak? Kaya ang sasabihin ko, ito ang aking alter-ego, kaya ita-type ko ang Bart ngayon. Saan nagtatrabaho ang inyong tagapayo sa pabahay? Sasabihin kong nasa merkado ng pagpapayo sa pabahay ang MOHCD. Mabuti na lamang at hindi dahil sa wala kaming trabahong kasing galing ng sa inyo. Okay, ang kasunod.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 12

Barry, MOHCD: Alamin natin kung paano makontak ang numero ng inyong kapalit na kontak. At isang email address ng kontak. Ang address sa koreo ng kontak. Hindi ko matandaan kung kahingian iyon o hindi. Susubukan ko. I-click natin nang hindi nagbibigay ng impormasyong iyon at tingnan natin. Ops, hinahanap ito. Sasabihin kong nagtatrabaho ako dito sa opisina.

Marie, HSF: Marie: Sori, si Marie ito. Sisingit lamang ako habang pinupunuan ninyo ang bahaging ito. Para sa lahat, dito ninyo ilalagay ang inyong impormasyon. Kaya kung walang email address ang inyong kliyente, huwag ninyong ilalagay ang email address ninyo sa seksiyong iyon na nasa ilan nang nakaraang screen na nanghihingi ng mga numero ng telepono, email at address ng aplikante. Ito ang angkop na lugar para kalagyan ng impormasyong iyon.

Barry, MOHCD: Maganda iyan. Salamat. May natanggap akong katanungan kay Caroline Calderon. “Paano kung walang maibigay na address ang aplikante? Halimbawa kung nakatira sila sa kotse nila.” Kaya ang gusto nating gawin nila, nasa isa sa mga screen na madadaanan natin, manghihingi tayo ng impormasyon, lalo na kapag karapat-dapat sa Neighborhood. Magiging standard ito sa mga gagawin nating aplikasyon, at muli, gagawa tayo ng pagsubok na aplikasyon ngayong araw. Nais nating malaman kung saan sila nakatira dahil sabihin natin halimbawa, nang hindi masyadong pumupunta sa detalye, tungkol sa Neighborhood Preference, isa itong ibinibigay sa ilang nating paglilista, hindi makikita sa lahat ng ating paglilista. Ayaw ito ng mga pinondohan ng pederal na mga listahan kaya't iba ang ginawa naming paraan. Ngunit kapag may gusali sa distritong supervisor na tinitirahan ninyo o nakatira kayo dito sa loob ng isang milya, makakakuha kayo ng espesyal na gusto sa lottery. Ngayon paano kung pumarada kayo sa kalye at gamit na tirahan ang kotse ninyo? Nagtanong si Caroline patungkol sa isang tao na nakatira sa kanilang kotse? Buweno, makukuha ninyo ang parehong neighborhood preference. Hihilingin naming mag-upload kayo ng isang sulat. Isang pirmedong sula mula sa isang tagapangsiwa ng kaso na may angkop na letterhead at lahat ng magagandang bagay. Ngunit dito, makakapagbigay kayo ng impormasyon. Sa totoo lamang, hihilingin namin ito sa mas tuwirang paraan sa susunod naming paglalabas upang matiyak na makukuha namin ang impormasyon. At sa katotohanan, sasabihin nito na kailangan namin ng espesikong address at magkakaroon ito ng paraan sa pagtuturing sa mga katanungan ng mga walang bahay. Talagang kailangan namin ang kanilang address at kung kotse nila ito at kung nasa harap sila humigit-kumulang,

sabihin nating 142 Main Street, ilagay ang 142 Main Street. Iyon ang impormasyong gusto namin. Lumipat tayo sa kasunod na screen.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 13

Barry, MOHCD: Kaya pansinin kung paano nagbago sa dakong itaas na ito. Kompleto na ang bahaging “You” at nasa “Household” o Sambahayan na tayo. Sasabihin dito, “Kasunod, nais naming malaman ang tungkol sa iba pang makakasama ninyo sa yunit ng sambahayan.” Muli paalala, ang bawat screen, alam na ninyo kailangan munang umalis sandali, babalikan ko ito. Ngayon, magpapatuloy ako at gagawin na ito. Kaya sabihin na nating “Iba pang Taong Makikipanirahan Sa Akin”.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 14

Barry, MOHCD: Bago magdadag ng iba pang tao, tiyaking hindi naibibigay muli ang pangalan nila sa ibang aplikasyon. Paalala. Tiyakin na makukuha ninyo ang kuwadrang ito. At alam ninyo ang screen na pinagmulan natin kanina. Ang nakakatakot na pananaw ng Salesforce. Talagang malakas iyon. Nakakatanggap kami ng maraming pagtukoy sa mga doble kaya humahantong kami sa pagbawi o pag-undo. Mahusay kami doon ngunit nais lamang naming hikayatin ang mga tao na huwag nang subukan iyon at paglaruan ang sistema dahil hindi maganda ang ibubunga niyon. Kasunod.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 15

Barry, MOHCD: O, magsabi ka tungkol sa sambahayan mo. Buweno, ako, narito na ako. Kung may kailangan akong baguhin, magagawa ko na iyan dito. Ngayon, gagawin ko na ito at magdadagdag ng tao. Sabihin na natin, gagawa lang ako ng pangalan, na nakatira sa akin si Bb. Smith. At ang kapanganakan ni Missy. Pareho kaming mga unang anak ng Enero. Ngayon ang mga tiktik na nagbuko sa kapanganakan ko, pareho rin dito. Nakakatawa, isa sa mga pansuri ay kapag nakakuha kami ng aplikasyon na magkapareho ng kapanganakan, gagawa kami ng kaunting silip, at sasabihin “Okay, mayroon bang gumamit ng pangalang medyo naiiba, atbp.” Kaya hindi kayo daraan sa abala na iyon at maglalagay ng ibang petsa ng kapanganakan. At nag-iimbento lamang ako para sa layuning ito.

Mayroon ba silang address na katulad ng sa iyo? Sasabihin kong “Oo” ngunit kapag sinabi kong “Hindi,” bibigyan ako ng pagkakataong mailagay ito doon. Ngayon, mga kasama, marami na kayong alam, mula sa natalakay na natin, na mahalaga iyon. Dahil kung magkaiba sila ng address, ang isa pang address ay baka maging dahilan para maging kwalipikado sila at ako, kami nang sama-sama, dito sa aplikasyon, sa isang gusto na malamang na hindi namin makukuha kung sa ibang paraan ang gagawin. Kaya gusto naming makatiyak na makukuha namin ang tamang impormasyon. Ngunit para sa layuning ito, lampasan na lamang muna natin. Sasabihin kong pareho sila ng address ko. Nagtatrabaho ba sila sa San Francisco? Sabihin na lamang nating hindi. Kaano-ano mo sila? Mabibigyan ninyo kami ng ilang impormasyon dito. Kung mayroong hindi sigurado, mapipili mo ang iba. I-save ninyo ang miyembro ng pamilya.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 16

Barry, MOHCD: Mayroon pa ba akong ibang taong idadagdag? Wala na, palagay ko ay tapos na ako sa pagdaragdag ng tao. Okay, magaling.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 17

Barry, MOHCD: Magaling, dito na tayo magsisimulang pag-usapan ang tungkol sa mga gusto, at makikita ninyo ang pagkakaayos ng mga taong ito hindi magtatagal dito. Ngunit ayos lang iyan.

Kaya maaaring maging sensitibong paksa ang mga gusto sa lottery. Alam natin iyan. Gusto kong gamitin ang mga salitang iyan sa maraming sitwasyon. Ngunit ang magandang balita ay mayroon tayong mga gusto sa lottery. Masamang balita rin na mayroon tayong mga gusto sa lottery. Kaya sinusubukan nating ibaha-bahagi ito at ginagawang simple hangga't maaari upang maintindihan ng mga tao.

Kaya may tatlong simpleng hakbang. Kapag kwalipikado kayo, tsekan ninyo ang mga gusto ninyong kahon, at i-upload sa computer o telepono ninyo ang dokumento na kailangan sa bawat isa.

Paalala na batay sa impormasyon na inilagay ko dito sa halimbawa at batay sa impormasyon mula sa paglilista, na makakapagbukas o hindi ng ilang gusto, dinamiko ang mga screen na ito. Magagawa ninyong dumaan sa kabuuan ng aplikasyon kasama ang iba at sabihin, "Okay, alam ko na magiging blanko ang susunod na screen." At magpapatuloy kayo, at hindi lumitaw ang screen na iyon. Malamang na dahil ito sa gusto na hindi angkop sa paglilistang ito o isa itong preference na hindi angkop sa indibidwal na kasama ninyo dahil sa impormasyong nailagay na nila sa aplikasyon. Kaya huwag mag-alala tungkol doon, ngunit kapag may nakita kayo, masasabi mong "Hintay, may mali dito," siyempre gusto naming malaman iyon. Ngunit sa kalahatan, alam namin ang gagawin sa mga ganitong bagay.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 18

Barry, MOHCD: Kaya magsimula na tayo sa Preferences. Batay sa mga bagay na ito, kayo ay kwalipikado sa mga sumusunod na gusto sa lottery. Ngayon ang napansin ko dito na mayroon dapat tayong Preference na Nakatira sa San Francisco (Live in San Francisco Preference). Dahil nasa yugto tayo ng pagsubok, wala ito doon kaya pasensiya na. Ngunit dapat naroon iyon. Mayroon sanang kahon dito at magki-click ako ng kahon na nagsasabing Nakatira sa San Francisco (Live in San Francisco). O may mapagpipilian para masabing, "Hindi ko gusto ang Preference na ito."

Dahil ang sinusubok nating gawin ay una sa lahat, nais nating sabihin na napakahalagang paksa ng Preferences kaya mangayari pong huwag lalaktawan ang screen na ito. Kaya mapapansin ninyo ang ilang bagay na magbabago sa bagong ilalabas na babaguhin namin ang ilang salita dito na nagsasabing "Nanaisin mong tingnan ang mga bagay na ito kung angkop." Talagang mahalaga ang mga ito."

Ngunit may kahon dito kung saan magki-click sila at sasabihin nito, "Okay, hihilingin kong mag-upload kayo ng bagay na magsasabi sa aking naninirahan kayo sa San Francisco," at makakakuha sila ng retrato sa kanilang telepono. Mailalagay nila ito sa kanilang telepono at maia-upload nila ang dokumento. Isang bagay ito na makapagsasabi, tulad ng makikita dito, ng tamang pangalan, petsa na nasa loob ng 45 araw ng aplikasyon, at kakikitaan ng address kung saan kayo nagtatrabaho o naninirahan sa San Francisco.

O masasabi nila, "Alam ba ninyo? Hindi. Ayaw kong mag-uplaod ng kahit ano. Ayaw kong harapin ito. Magsasabi ako ng hindi." Muli, isang bagay ito na hindi namin

mairerekomenda, ngunit ayos lang. Dahil hindi ko masasabing “Oo” sa naglolokong screen, sasabihin ko na lang na “Hindi.” Muli, pasensiya na dito.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 19

Barry, MOHCD: Narito na kayo ngayon at pagkaraan ay ipapakita sa akin na narito ang ilang bagay na may espesyal na mga sertipiko. Sandali lamang. Kung hindi pa ninyo alam ito, malamang na wala kayo nito. Ngunit sandali lamang, mayroon yata ako ngunit hindi ako sigurado. Hayaan ninyo akong i-click itong buton na “Read More.” Ayos, ganoon pala. Iyon pala iyon. Ngunit hintay, nais ko pang alamin iyon, at may link. Dadalhin tayo nito sa website ng MOHCD. Magsasabi ito sa inyo ng higit pa tungkol sa Mga Programa sa mga Gusto sa Pabahay at ilan pang detalye sa bawat isa sa mga iyon. “Okay, ayos naman iyan, alam ko yata kung ano ang mga iyon. Tama. Napaalis kami bilang pamilya sa Fillmore area. Nakuha namin iyon.” Okay ayos. Sino ang may ganoong gusto?. Si Missy ang may hawak niyon, sa totoo lamang.

Displaced Tenant Housing Preference, hindi ko alam kung ano iyon. Hindi ko alam iyon, sa palagay ko wala ako niyon, ayos lang. Pipiliin natin ang “Miss” at magpapatuloy tayo.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 20

Barry, MOHCD: Para naman ngayon sa Sertipiko ng Gusto at ang Displaced Housing Preference, dahil ang dalawang sertipikong ito ay sinusubaybayan namin sa tanggapan, mayroon kaming listahan ng mga taong iyon. Hindi kami humihiling na mai-upload ninyo ang inyong mga sertipiko o katulad. Magbibigay-pansin lamang kami na “Oo, sinabi nilang mayroon sila niyon. Ikukumpirma namin.” At ayos na kayo doon.

Itong susunod na screen, pansinin na pumupunta na tayo sa kita. “Mayroon ba sa inyong sambahayan na tumatanggap ng alinmang voucher o subsidies sa pagrerenta?” Isa itong talagang pangkalahatang tanong. Hindi nito kailangang malaman kung anong uri ng voucher ito. Hindi nito kailangang malaman ang mga detalye. Ngunit mahalaga, dahil may pansuri na nagsasabing “Sandali, angkop ba ang ini-report na kita ng isang ito sa kaniyang mga kahingian para sa paglilistang ito?” Ngunit pinaghihintay namin muna ito kung tumugon ka ng “Oo.” Kapag nagsabi ka ng “Oo,” magsasabi ito ng “Okay, hindi ko aalalahanin ang mga income calculations dahil ang mga voucher ay madalas na siyang nagpapatakbo ditonat lilipat na tayo sa susunod.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 21

Barry, MOHCD: Pumunta na tayo sa kita. Kamukha itong masyado ng screen ng “Income Calculator” na tinugunan ninyo sa una. Tingnan natin dito. Kita mula sa lahat ng pagmumulan. Muli, bago maibawas ang buwis. Magbigay lamang ng tantiyadong kabuuan. Ang aktuwal na kabuuan ay kukuwentuhin kung mapili kayo sa lottery. Muli tungkol ito sa napag-usapan natin sa hindi pag-iisip sa mga asset at mga katulad. Kailangan lamang natin dito ang pangkalahatang larawan.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 22

Barry, MOHCD: Narito na tayo sa seksiyong Review o Repaso. Hihilingin sa atin ang ilang impormasyong demograpiko. Mga opsyonal itong mga katanungan at mahigpit na opsyonal lamang. Nais talaga naming malampasan ninyo ito dahil makakatulong sa aming maintindihan, “Alam mo ba, grabe.” Lumalabas na ang mga baklang Latino, atbp. ay mas nahihirapan sa aplikasyon.” Nakakatulong talaga ito sa amin kung saan ang higit na dapat pagtuunan. Kaya talagang

napakahalagang impormasyon ito para sa amin. Hindi ito konektado sa pangalan ninuman. Muli, form ito na pangkalahatang pinagsama. Ngunit hikayatan ninyo ang mga kliyente na lumahok dito.

Ano ang kasarian ninyo? Lalaki. Oryentasyon? Bakla ako. Etnisidad? Hindi ako Hispaniko/Latino. Ano ang pinakamainam na paglalarawan sa lahi ko? Pupunta ako sa ibaba nito. Puti, naroon iyon. Paano ko nalaman ang tungkol sa pagliistang ito? Sandali, nakita ko ang flyer na iyon. At may kaibigang nagsabi sa akin. At siyempre ang aking tagapayo sa pabahay. Alam mo, nakita ko rin sa diyaryo. Anuman ang angkop.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 23

Barry, MOHCD: Kaya ngayon ang pagkakataong marepaso ang mga bagay na naisumite ko. Okay, maganda at maayos na form ang narito. Oo, tama ito. Naku sandali, mali ang numero ng telepono. Mabilis na iwawasto ko. Sige, ano pa. Balik tayo dito. Gagamitin ko ang telepono ko, babaguhin ko ang numero ng telepono ko. Tingnan kung ano ang nangyari. Babalik ako hanggang sa “You.” Okay, kailangan ko bang balikan ang lahat ng screen para makapunta ako sa dati? Hindi, ang sagot diyan ay makapunta ako dito sa itaas at makaka-click muli sa “Review” at maibabalik ako sa pinanggalingan ko. Okay, kumpirmahin na.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 24

Barry, MOHCD: Ngayon sinasabi ditong nais mong gawin ito nang mayroon o walang account. Ayaw kong gawin iyon kaya, sasabihin kong “Kumpirmahin Nang Walang Account” (Confirm Without An Account).

Pagsubok na Aplikasyon Screen 25

Barry, MOHCD: Ngayon narito ang mga term. Napansin ninyo na tinanggal ko ang petsang ito sa paglabas ko.. Ganito iyon. Kung napili ang aplikasyon ninyo, atbp. Okay, totoo ba ito? Sang-ayon ako. Maganda. At magsusumite na kayo.

Pagsubok na Aplikasyon Screen 26

Barry, MOHCD: Ngayon, kukumpirmahin nito kung naisumite ang aplikasyon, at medyo mabagal sa lugar na ito, oo nga, kaysa ating karaniwang DAHLIA, kaya medyo nagtatagal nang kaunti.

Okay, salamat. Natanggap na namin ang inyong aplikasyon. Mabuti. At tingnan ninyo ang trick na ito. Matatanggap ko agad ang numero ko sa lottery. Nagpadala din ako ng email kasama nito, ngunit kung hindi ako nagbigay ng email, hindi mangyayari iyon. Kaya maisusulat ko ito, at iyon ang aking numero ng tiket sa lottery.

Isang kaparaanan na nangyayari sa mga piling paglilista, at mangyayari ito sa kanilang lahat sa loob lamang ng oras sa lottery, at mababalikan ninyo ang paglilistang iyon at magklik ng buton at malaman nang tumpak kung ano ang nangyari sa loterya sa pamamagitan ng paglalagay sa numerong ito. Gusto kada gusto. Pangkalahatang pagraranggo. Naroon para sa inyo ang lahat ng mabubuting bagay kaya mahalaga na maitago ninyo ang numerong ito, at kapag hindi sila nag-email, na maisulat ito kung saan man.

Ito ang susunod na maaasahan. At muli, narito ang opsiyong gumawa ng account. Maganda kung gagawin ninyo ito. “Hindi, ayaw ko.” Tiyak ka bang ayaw mong gumawa ng account? Muli, gusto nating gawin ito ng mga tao, ngunit kung ayaw nila, okay lang. Sasabihin kong, ayaw ko nito. At ibabalik ako nito sa regular site, at tapos na tayo.

Marie, HSF: Maraming salamat Barry, malaking tulong iyon.

Barry, MOHCD: Oo naman

Marie, HSF: Mabuti. At muli, dahil kayo ang gumagamit sa mga aplikasyong ito, pinupunan kasama ng mga kliyente ninyo at mga taong katrabaho, kapag nakaranas kayo ng anumang usapin, tanong, alalahanin, mungkahi, isa sa mga nasa bandang dulong slides ang tungkol sa email ng Homeownership SF. Kaya, malaya kayong umugnay sa amin, at matutulungan namin kayo diyan at sabihin ninyo ang anumang reaksiyon kay Barry at sa MOHCD.

Slide 27

Marie, HSF: Mulí, mabilis lang. Ano ang maaasahan matapos ang aplikasyon. Nakita naming nagawa ang isang numero sa lottery. Mai-email ito kung may email na ginawa sa aplikasyon. Makikita rin ang petsa at oras ng lottery. Mulí, hindi na kailangan ng mga aplikante na dumalo sa mga lottery na ito, at kapag pumunta sila sa mga paglilistang iyon kung saan makikitang natapos na ang mga petsa ng lottery, may mapagpipilian na mailagay ang numero at malaman kung ano ang nangyari sa kanila.

Slide 28

Marie, HSF: Ilang tala lamang tungkol sa aplikasyong de-papel. Mulí, gaya ng nasabi namin, hindi mawawala ang aplikasyong de-papel. Palagian iyang mapagpipilian na bukas sa mga taong nag-aaplay sa mga pagkakataong ito. Naiintindihan naming hindi komportable ang lahat o makakakuha nito online, kaya palagian itong mananatiling mapagpipilian.

Kung gusto ng aplikanteng maibalik sa kanila ang numero ng lottery sa koreo, sa aplikasyon nila kailangan nilang maglakip ng sobrang may selyo at nasusulatan ng sariling address. Kung hindi nila alam ang ibig sabihin nito, mangyari pong gabayan sila tungkol diyan. Ngunit sa batayan, kailangan nilang magbigay ng mga paraan upang makarating sa kanila ang kanilang numero sa lottery. Kaya kailangang maisama ito sa kanilang aplikasyon. Hindi kailangang maipadala sa kanila ang kanilang numero sa lottery. Kung gusto lang nilang maghintay at mabigyan ng abiso tungkol sa susunod na mga hakbang pagkatapos na mangyari na ang petsa ng lottery, katanggap-tanggap naman ito. Ngunit kung ayaw nilang subaybayan ang proseso habang nangyayari ito, kailangan nilang isama ang sobrang iyon.

Dapat na matanggap ang lahat ng aplikasyon sa petsa ng deadline. Kaya kung 5PM ang deadline, mayroon kayo hanggang 4:59:59 PM para makapag-sumite. I-click ang buton na finish o tapos na sa aplikasyong online. Para sa aplikasyong de-papel, dapat na matanggap ang aplikasyon sa PO Box sa loob ng panahon ng deadline.

Sisimulang ipadala ang lahat ng aplikasyong de-papel sa mga espesipikong PO Box, hindi sa ahente sa pagrerenta o sa mga developer. Hindi naman matatanggap iyon ng mga moving forward/sumusulong o in the near future/sa malapit na hinaharap. Tingnan ang paglilista sa yugtong interim o pansamantala para makita kung saan ito maipapadala. Para sa PO Box, ito ay sa Tanggapan ng Pabahay ng Mayor. PO Box nila ito. Pupunta sila doon, 5PM sa petsa ng deadline ng aplikasyon. At kung wala doon ang aplikasyon, hindi ito maisasama sa lottery, at hindi ito mapoproseso kaya hindi sapat ang post-marked o may tatak ng koreo. Kailangang matanggap ito sa deadline.

Slides 29 & 30

Marie, HSF:

Kaunting talakay pa tungkol sa paggawa ng account. Tulad ng sinabi ni Barry, maraming prompt o matutugunan sa buong lugar, lalo na kaugnay ng aplikasyon, upang makagawa ang mga tao ng account, at maraming benepisyo ito. Ilan sa magagandang benepisyo ang kakayahang mai-save ang ginagawang aplikasyon at kung kailangan nilang balikan ito nang may karagdagang dokumentasyon o hindi lamang nila ito matapos sa isang upuan, mababalikan nila ito, i-save ang nagawa na nila, balikan ito at tapusin sa ibang panahon. Maiimbak ang lahat ng impormasyon para magamit sa hinaharap. Kaya kapag nag-aplay ako sa isang aplikasyon ngayong linggong ito at nagkaroon ng panibagong paglilista pagkaraan ng tatlong buwan at gusto kong mag-apply doon, mabubuksan ko ang dating aplikasyon at gamitin iyon para mailipat sa bagong aplikasyon ang mga dating impormasyon, mas madali na ang pag-aaplay sa ibang panahon para sa iba pang pagliista

Nagsisilbi itong sentralisadong lugar kung saan ko makukuha ang ang mga dati kong mga aplikasyon. Matitingnan ko ang mga ito. Makikita kong muli ang numero ko sa lottery. Kapag naiwala ko ang email na iyon at hindi ko isinulat pagkasumite ko ng aplikasyon, palagi iyong maise-save sa aking account sa DAHLIA.

At maise-save ninyo ang mga paboritong paglilista. Sa bawat paglilista, may bilog na may hugis-pusong buton at makakapag-click kayo doon. Ibig sabihin noon, paborito ko iyon. Maise-save ang mga iyon sa account ko.

Muli, tulad ng sabi ni Barry, ayos lang naman kung ayaw ng mga taong gumawa ng account. Naiintindihan namin kung tinitingnan ito ng ilang tao bilang isa na namang account at isa na namang tatandaang password, at ayos lang naman. Naiintindihan namin at nirerespeto namin iyan. Ngunit muli, maraming benepisyo ang paggawa ng account sa DAHLIA.

Slide 31

Marie, HSF:

May mga paraan sa paggawa ng account. Makakagawa kayo ng account sa Homepage o tulad ng ipinakita ni Barry, makakagawa kayo ng account habang nasa aplikasyon. Kaya anuman sa pag-click sa "Save and Finish Later" o "I-save at Tapusin sa Ibang Panahon" na buton kung nasa kalagitnaan kayo ng aplikasyon o sa pag-click sa dulo kapag hinilingan kayong gumawa ng account. Ang maganda sa paggawa ng account kapag ginawa ninyo ito mula sa isang aplikasyon ay hindi ninyo kailangang ipuno ang lahat ng impormasyong ito.

Kapag ginawa ninyo ito mula sa Home screen sa pagklik sa buton na "Sign in," ganito ang hihilingin nito sa paggawa ng account. Kaya kailangang ibigay ninyo ang inyong pangalan, ang petsa ng kapanganakan, email ninyo na dalawang beses na ipinasok, at password. Dahil naipuno naman na ninyo ang lahat ng mga ito kapag kayo ay nag-aaplay at kapag nagpupuno ng aplikasyon, hindi na nito hihilingin pa ang mga ito kapag gumagawa kayo ng account sa proseso ng aplikasyon.

Muli, paalala lamang, huwag ilagay ang pangalan ninyo dito bilang kanilang tagapangasiwa ng kaso o tagapayo para sa kanilang account. Dapat itong isang personal na email address para sa kliyenteng iyon dahil gusto nating mapuntahan nila ito anumang oras, at malamang na abala kayo sa paggawa para sa maraming tao, at hindi ninyo gustong maitali ang email ninyo sa isang partikular na tao.

Slide 32

Marie, HSF:

Kapag gumawa kayo ng account, kapag nag-click kayo sa buton na “Sign In” at nag-sign in kayo gamit ang DAHLIA, ganito ang magiging itsura ng dashboard. Ipapakita nito ang inyong mga dating aplikasyon sa “My Applications.” Muli, makikita doon ang inyong mga numero sa lottery. Magkakaroon kayo ng mga paglilista para sa mga ari-arian na nagpapaliwanag ng mga deadline at mga petsa para sa proseso. Maisusunod ninyo sa panahon ang inyong account settings. Marahil gusto ninyo ng ibang email na maiuugnay sa account na ito. Mababago ko ito. Mababago ko ang password ko. Maaakses ko ang “My Favorites” na napunta dito. At ang mga dati na mula sa Home screen, ang mga “Tingnan ang mga Ari-arian “ (Browse Properties) at ang “Humiling ng Tulong” (Get Assistance) kapag kailangan ko ng mga karagdagang rekursong iyon.

Slide 33

Marie, HSF:

Okay, iyan ang DAHLIA sa buod. Kung may katanungan—Ops, pasensya na mukhang may dumating na katanungan.

“Kaya kapag may kliyenteng nag-aaplay sa maramihang ari-arian nang sabayan, ngunit may iba’t ibang laki ng sambahayan sa bawat paglilista, magkakaroon ba ng mga katanungan o hahantong ba sa pagiging hindi kwalipikado?” Kaya ayon sa binanggit ni Barry, ayos lang naman iyon. Walang problema doon. Magkakaproblema kapag nagsu-sumite kayo ng maramihang aplikasyon para sa parehong paglilista. Halimbawa, aktibo pa ang paglilistang L Seven at tumatanggap pa ng mga aplikasyon. Kapag nag-aplay ako para sa isang estudyo at kasama kong nag-aplay si Racquel para sa pandalawahang silid, iyan ang oras na tutukuyin ako. Ngunit kung nagsusumite ako ng mga aplikasyon sa iba’t ibang paglilista at nagbabago ang mga laki ng sambahayan at mga katulad, ayos lang naman iyan. Magandang tanong.

Anumang katanungan na lumitaw, mga usaping nakikita ninyo, mga reaksiyon para sa site na ito, makipag-ugnayan po sa amin sa info@homeownershipSF.org. Masisiyahan kaming maibigay ang suporta at tulong namin at matulungan kaming masabi ang inyong alalahanin at mga pangangailangan sa Tanggapan ng Pabahay ng Mayor para maituloy natin na maidiin itong produkto at tuparin itong pinakamagandang magagawa para dito.

Slide 34

Marie, HSF:

Tinatanggap namin ang anumang reaksiyon ninyo tungkol dito at hinihikayat kayo, kung interesado kayo, na sumali sa DAHLIA Task Force na nagpupulong minsan kada isa o dalawang buwan na nabanggit ni Barry. Kung interesado kayo na lumahok at makatanggap ng mga paanyaya para diyan at mga impormasyon mula sa Task Force, mangyari pong makipag-ugnayan sa akin sa info@homeownershipSF.org

Maria, MOHCD:

Kumusta Marie, si Maria Benjamin ito. Pasensya na at mang-aabala. Nais ko lamang tiyakin na naiintindihan ng lahat ang paksa ng PO Box at walang katanungan tungkol sa PO Box. Alam kong tiningnan na ninyo ito. Para lamang talagang mantindihan ng mga tao na wala nang linya sa labas ng gusali sa kabilang kanto. Hindi makakapag-sumite ng aplikasyon ang mga taong ito nang personal at ang tanging paraan lamang na makakapag-sumite ng inyong aplikasyon ay kung nasa DAHLIA ito, o sa pamamagitan ng DAHLIA o sa pamamagitan ng PO Box na may kasamang sobrang sariling address at selyo upang makuha ninyo ang tiket ng numero sa lottery sa paraang limbag na papel. Pasensya na kung masyado kong pinag-usapan ito, ngunit nais ko lamang na maintindihan talaga ito ng mga tao.

Marie, HSF: Okay naman, maganda nga iyan. Maraming salamat sa pag-uulit niyan. Talagang mahalaga at malaking pagbabago iyan sa proseso ng aplikasyon.

Sa alin pa mang katanungan, huwag mag-atubili ngayon at kumibo na o maisusulat ito sa chat. Mayroon pa tayong ilang minuto na tumanggap ng katanungan mula sa mga tao. Kung wala naman, nai-rekord ko ito para maipadala ko itong rekording sa mga tao pagkatapos ng webinar na ito. Makukuha na ito sa loob ng isa o dalawang araw. Mabubuksan namin ito para sa sinuman sa inyong kasamahan sa trabaho na hindi nakadalo ngayong araw ngunit gustong makakuha nitong impormasyon. Isa namang rekurso ito na makukuha ninyo.

Barry, MOHCD: Marie, may katanungan tayo kanina kung makukuha ba o hindi ito sa anyo ng transkripsiyon para sa mga taong may kapansanan sa pandinig, at hindi ko alam kung magagawa namin iyan, ngunit bakit hindi natin tingnan iyan at tingnan kung posible naman. At alam kong ipinadala ninyo ngayon ang PDF na nagbubuod sa mga bagay-bagay na makakatulong sa mga taong nasa sitwasyong iyan. Ngunit nais ko lamang banggitin nang malinaw sa mga tagapakinig o tagapanood na sa palagay ko ay magandang katanungan iyon at magandang idea at titingnan natin kung ano ang magagawa natin.

Marie, HSF: Oo, sigurado iyon. Salamat sa pagpapaalam sa akin. Talagang titingnan namin kung ano ang magagawa namin tungkol diyan at pagtiyak na may mga rekursong makukuha para sa komunidad na iyon at sa mga pangangailangan iyon.

Barry, MOHCD: Buweno, sa ngalan ng development team, ang husay ng nagawa ninyo, Marie. Maraming salamat at salamat sa lahat sa pagdalo ngayong araw. Karangalan na gawin ang trabahong ito para sa komunidad at talagang masaya kami sa lahat ng trabahong ginagawa ninyo, kaya salamat sa pakikilahok sa amin.